

Donasyon ng Buhay na Bato

Ano ang donasyon ng buhay na bato?

Karamihan sa atin ay ipinanganak na may dalawang bato. Gayunpaman, ang isang malusog na tao ay maaaring mamuhay ng isang normal, malusog na buhay na may isang bato lamang. Nangangahulugan ito na ang isang malusog na tao ay maaaring magbigay (magkaloob) ng isang bato sa isang tao na ang mga bato ay hindi gumagana. Ang regalong ito ay buhay na donasyon ng bato. Ang isang taong nagkaloob ng bato sa isang taong nangangailangan ay tinatawag na isang "buhay na donor," at ang isang taong nangangailangan ng bato ay tinatawag na isang "transplant na kandidato."

Sinumang nasa hustong gulang na nasa mabuting kalusugan ay maaaring itasa upang maging isang buhay na donor. Ang bawat potensyal na donor ay dapat magkaroon ng kumpletong medikal na pagsusuri upang matiyak na sila ay sapat na malusog upang magkaloob ng isang bato sa isang taong nangangailangan.

Ang proseso ng donasyon ng bato ay nagsasangkot ng isang operasyon upang alisin ang isang bato mula sa donor at isa pang operasyon upang ilagay ang bato sa kandidato ng transplant. Pagkatapos ng donasyon, ang natitirang bato ng donor ay magsisimulang magtrabaho nang mas matindi, upang mabawi ang tinanggal na bato. Ang donor ay dapat magpatingin sa doktor bawat taon upang matiyak na gumagana pa rin ang kanilang natitirang bato.

Bakit kailangan ng ilang pasyente ng isang paglilipat ng bato?

Ang mga bato ay nag-aalis ng mga dumi sa ating dugo. Kinokontrol din nila ang mga antas ng asin at likido sa ating mga katawan. Minsan ang isang karamdaman o isang sakit, tulad ng mataas na presyon ng dugo o diyabetes, ay maaaring maging sanhi ng pagpalya ng mga bato. Kapag nangyari ito, ito ay tinatawag na "huling yugto na sakit sa bato", dahil ang mga bato ay palapit sa pagtatapos ng kanilang kakayahang gumana nang tama. Kapag huminto ang paggana ng mga bato, ang pasyente ay dapat magkaroon ng ilang uri ng paggamot upang alisin ang mga dumi sa dugo. Ang isang opsyon ay ang transplant ng bato. Ang bato ay maaaring magmula sa isang malusog na buhay na tao (buhay na donor) o mula sa isang taong kamakailan lamang ay namatay (namatay na donor). Ang diyalisis ay isa pang opsyon. Ang diyalisis ay gumagamit ng makina upang alisin ang mga dumi sa dugo. Para sa mga karapat-dapat, ang transplant mula sa isang buhay na donor ay ang pinakamagandang opsyon.

Ano ang mga pakinabang ng donasyon ng buhay na bato?

- Para sa mga pasyente na may huling yugto na sakit sa bato at karapat-dapat para sa isang transplant ng bato, ang isang bato mula sa isang buhay na donor ay ang pinakamahasag na paggamot.
- Ang bato mula sa isang buhay na donor ay karaniwang tumatagal ng mas matagal kaysa sa isang bato mula sa isang namatay na donor.
- Ang isang donasyon ng buhay na bato ay maaaring makabawas o maiwasan pa ang pangangailangan ng pasyente para sa diyalisis.
- Bawat pasyenteng tumatanggap ng isang transplant mula sa isang buhay na donor ay aalisin sa listahan ng paghihintay para sa isang bato mula sa isang namatay na donor. Pinaiikli nito ang oras ng paghihintay para sa ibang mga pasyente sa listahan ng paghihintay ng transplant.
- Ang donasyon at mga operasyon ng transplant ay maaaring planuhin para sa isang panahon kung saan ang potensyal na donor at ang kandidato ng transplant ay nasa pinakamahasag na posibleng kalusugan. Ang pagiging nasa mabuting kalusugan ay nagpapabuti sa paggaling pagkatapos ng operasyon.
- Maraming taong nagbibigay ng bato ay nagsasabi na ang pagtulong sa nangangailangan ay isang positibong personal na karanasan.

Maaari bang magkaloob ng isang bato ang sinuman?

Ang sinumang malusog na nasa hustong gulang ay maaaring isaalang-alang para sa donasyon ng buhay na bato. Ang isang potensyal na donor ay maaaring isang miyembro ng pamilya, kaibigan, kapitbahay, o kakilalang kandidato ng transplant. Ang potensyal na donor ay hindi kailangang kapareho ng edad, kasarian o etnisidad bilang kandidato ng transplant. Sa katunayan, maaari itong maging sinuman na handang magkaloob.

Ang potensyal na donor at ang kandidato sa transplant ay dapat kumpletuhin ang mga medikal na mga pagsusuri at mga pagtatasa bago sila makapagpatuloy sa donasyon at transplant. Halimbawa, ang potensyal na donor ay dapat na sapat na malusog upang maoperahan at manatiling malusog na may isang bato lamang. Gayundin, kahit na ang kandidato sa transplant ay may nasa huling yugto sakit sa bato at nangangailangan ng isang bagong bato, ang taong ito ay dapat na sapat na malusog upang maoperahan at makayanang pangasiwaan ang paggamot sa antirejection pagkatapos. Ang mga espesyal na pagsusuri sa dugo ay ginagawa upang makita kung ang dugo at uri ng tisyu ng donor ay tumutugma sa kandidato ng transplant. Kung magkatugma ang mga salik na ito, ang potensyal na donor at ang kandidato ay tatawaging "magkatugmang pares" at ang kandidato ay maaaring makatanggap ng isang bato mula sa donor na iyon. Ang mga medikal na mga pagsusuri at mga pagtatasa ay mangangailangan ng medikal na tipanan sa araw.

Matapos ang donasyon, inaasahang mananatili sa mabuting kalusugan ang donor. Kasama sa pananatiling malusog ang pagkuha ng regular na pagsusuri at pangangalagang pangkalusugan mula sa kanilang doktor ng pamilya.

Paano kung hindi magkatugma ang potensyal na donor at kandidato ng transplant?

Kung ang mga pagsusuri sa dugo ay nagpapakita na ang potensyal na donor at ang kandidato ng transplant ay hindi magkatugma, sila ay tinatawag na isang "hindi magkatugmang pares." Maaaring mangyari ito kung ang uri ng dugo ng donor ay hindi tugma sa uri ng dugo ng kandidato ng transplant. O, maaaring mangahulugan na ang kandidato ng transplant ay may mga protina sa kanilang dugo (kilala bilang mga antibody) na tatanggihan ang isang bato mula sa donor na iyon.

Kung ang potensyal na donor ay hindi tugma sa kandidato ng transplant, maaari pa rin nilang subukan na humanap ng angkop na bato para sa kandidato ng transplant sa pamamagitan ng Pinagpares na Batong Donasyon (Kidney Paired Donation) na programa. Sinusubukan ng programang ito na itugma ang mga donor ng bato sa mga kandidato sa transplant na nangangailangan ng bato. Tanungin ang iyong programa ng donasyon ng buhay na bato (living kidney donation program) o sentro ng transplant para sa karagdagang impormasyon o bisitahin ang blood.ca/organs-tissues.

Mga uri ng buhay na donasyon

Nakadirektang Donasyon: Ang ganitong uri ng donasyon ay nangyayari kapag ang isang potensyal na donor ay may kilalang isang kandidato sa transplant at isang katugma sa taong iyon. Ang mga nakadirektang donor ay maaaring may kaugnayan sa biyolohikal na kandidato sa transplant (halimbawa, mga magulang, mga anak, mga kapatid, mga lolo't lola) o walang kaugnayan (halimbawa, asawa, kaibigan, katrabaho).

Hindi Nakadirektang Anonimong Donasyon [Non-directed Anonymous Donation (NDAD)]: Ang ganitong uri ng donasyon ay nangyayari kapag nag-aalok ang isang tao na magkaloob ng isang bato na maaaring mapunta sa sinumang kapareha nila na nangangailangan ng transplant ng bato. Ang isang donasyon na tulad nito ay maaaring makatulong sa isang kandidato sa transplant kung ang bato ay ibibigay sa isang tao sa listahan ng transplant. Bilang kahalili, ang ganitong uri ng donasyon ay maaaring makatulong sa ilang tao sa pamamagitan ng Kidney Paired Donation program. Sa programang ito, ang isang donasyon ng bato mula sa isang NDAD ay maaaring magpasimula ng isang chain ng mga pagpapalitan ng donor.

Ang isang programa ng donasyon ng buhay sa iyong lalawigan ay maaaring magbigay sa iyo ng higit pang impormasyon tungkol sa Pinagpares na Batong Donasyon (Kidney Paired Donation) na programa. Makakahanap ka rin ng impormasyon online, sa blood.ca/organs-tissues.

Paano ako magsisimula?

Kung may kakilala kang naghihintay ng transplant ng bato, maaari mo silang kausapin. O, maaari kang makipag-ugnayan sa isang programa ng donasyon ng buhay sa iyong lalawigan. Kung gusto mong maging isang hindi nakadirektang anonimong donor, ang isang programa ng donasyon ng buhay sa iyong lalawigan ay maaaring magbigay sa iyo ng karagdagang impormasyon. Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga programa ng donasyon ng buhay sa Canada ay makukuha online, sa blood.ca/organs-tissues.

Ang Canadian Blood Services ay isang hindi pangkalakal na organisasyon ng pagkakawanggawa. Kinokontrol ng Health Canada bilang isang tagapagmanupaktura ng biologics at pangunahing pinopondohan ng mga panlalawigan at panteritoryong ministeryo ng kalusugan, ang Canadian Blood Services ay gumagana nang may pambansang saklaw, imprastraktura at pamamahala na ginagawa itong katangi-tangi sa loob ng pangangalagang pangkalusugan ng Canada. Sa dominyo ng dugo, plasma at mga stem cell, nagbibigay kami ng mga serbisyo para sa mga pasyente sa ngalan ng lahat ng panlalawigan at panteritoryong pamahalaan maliban sa Quebec. Sa dominyo ng mga organo at mga tisyu, pinapatakbo namin ang pambansang listahan ng paghihintay at mga nasa pagitang lalawigan na registry ng pagbabahagi ng organo at nakikipagtulungan sa mga panlalawigang programa upang mapahusay ang aming sistema.

www.blood.ca/organs-tissues